PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 20 JULY 12 - 18, 2021 10.00

# DOH-CALABARZON turns over TeleICU system to QMC

The Department of Health (DOH) CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) turned-over July 8, the first teleICU system that will be used at the intensive care unit of the Quezon Medical Center in Lucena City, Quezon.

Former Regional Director Eduardo C, Janairo, one of the guests of honor during the ceremony stated that he initiated the project to protect health care providers in ICUs because they are constantly at high risk of contracting the virus due to their proximity and exposure while treating critically-ill covid patients. "We can lessen these risks and still provide optimal care while minimizing the risk of acquiring the virus infection and ensuring their health and safety."

"And through teleICU, we can manage patients remotely through an intensive care team that will monitor Covid patients in ICUs and provide updates on their health status to intensive care physicians remotely in order for them to deliver timely and effective critical care services," he emphasized.

Janairo added that a critical Covid patient in an ICU can be monitored by placing a lifesignal patch on a patient's chest for five days. "It is a cardiovascular monitoring device that will record the patient's temperature, respiration rate, ECG trace, heart rate and movement in real time."

The data gathered by the lifesignal patch will be sent wirelessly and displayed in real time on a monitor. If symptoms develop, the device and its data platform will alert healthcare providers to take necessary action.

The lifesignal patch is disposable and can be self-applied and most important it reduces cross-contamination risk and time spent attaching individual devices to a patient.

The regional office has procured 600 lifesignal patches that will be used for critically-ill covid patients admitted at the Quezon Medical Center in Lucena City.


OIC-Director Paula Paz M. Sydiongco stated the tele-ICU project can help protect health care providers and also mitigate the rising Covid infection in Quezon, particularly in Lucena City which was recently placed under a strict modified enhanced community quarantine (MECQ).

"We will be deploying four more tele-ICU systems that will be placed at the San Juan Hospital in Batangas, Laguna Medical Center and San Pablo City General Hospital in Laguna and at the Southern Tagalog Regional Hospital in Cavite."

"Our health workers are the lifeblood of our health care system. We need to keep our health workers safe to ensure an effective health care system keeping patients safe, relieving their suffering and saving their lives," she emphasized.

TeleICU, also known as eICU, is the diagnosis and treatment of critically ill patients by a remote intensive care physician or intensivist and critical care nurses with the use of telecommunication such as videoconferencing, providing real-time audio and visual services to ICU centers regardless of their locations.

Dr. Janairo underlined that the current Covid pandemic is an opportunity for innovations and it is important to focus on improved health outcomes and reduce healthcare cost. "There will be many lessons that can be learned during this pandemic that will provide innovations and that will help shape the future of medicine. Telemedicine and particularly teleICU are among them which will play a significant role in creating a new model of health care for the future," Janairo concluded.




TINGNAN: Bataan-Cavite Interlink plan na pinag-usapan ng Lokal na Pamahalaan ng Naic, DPWH, Pyunghwa Engineering Consultant (PEC), at lokal na opisyales ng Barangay Timalan Balsahan at Timalan Concepcion.
Source/Photo: Municipality of Naic
#GoCavite

## "Congratulations to the Municipality of Alfonso, Cavite for being one of the first LGUs to reach 100% distribution of the Financial Assistance program/Ayuda,"



Tila isang tagumpay para sa lokal na pamahalaan ng Alfonso, Cavite ang mapabilang sa mga lokal na pamahalaan na unang naabot ang 100% distribusyon ng ayuda sa lalawigan, Hulyo 9.

Ibinahagi ni Mayor Randy ang kaniyang naramdaman nang makatanggap ng mensahe ukol sa pagbati ng tagumpay ng kanilang munisipalidad sa pagbibigay ng tulong sa kanilang mga nasasakupan.


"Ang sarap naman po sa pakiramdam na sa kabila ng ating pagsubok ay may ganito po tayong matatanggap," pahayag ng alkalde.

Dahil sa pagkilalang ito, nagpasalamat naman ang alkalde sa kaniyang mga kababayan sa pakikiisa at pakikipagtulungan na mabigyan ng tulong ang mga nangangailangan sa lugar.

"Ito po ay pera ng bayan para sa bayan kaya nararapat lang po na maipamigay ito kung kanino dapat ibigay. Maraming salamat po Undersecretary Jonathan Malaya sa pagkilala sa aming bayan," dagdag ni Mayor Salamat.

Nagpasalamat rin si Mayor Randy sa mga kawani ng ahensiya sa kanilang dedikasyon at serbisyong ipinagkaloob sa bayan.

"Maraming salamat po sa ating Treasury, MSWD, Accounting Office, Budget Office, Admin Office, Sangguniang Bayan, MPDC, GSO, HRMO, Brgy. Chairpersons and Officials, BHW, daycare workers, PNP at Job Order employees! Saludo po sa effort at sakripisyo ng lahat," pagbati ni Mayor Randy.




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Eczema at dermatitis sa balat; Paggamot sa ingrown toenail

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong

Ang salitang eczema at dermatitis ay parehong ginagamit para ilarawan ang kahulugan ng pamamaga ng balat. Kadalasan ito ay patse-patse, namamaga, namumula at makati. Kung malala ang eczema, ang patse ay maaaring makapal, may paltos at may sugat.

Klase ng dermatitis:

1. Contact dermatitis – Ito ay resulta ng direktang pag-dikit ng balat sa mga puwedeng pagsimulan ng iritasyon kabilang dito ang rubber, metal, alahas, pabango at mga pang-make-up.

2. Neurodermatitis – Sobrang pangangati ito dahil na rin sa pagkamot mismo ng tao sa sariling balat. Maaring-nag-umpisa ito sa maliit na kagat, galos o pagkiskis sa balat. At noong nangati ay patuloy nang kinamot ang balat hanggang sa lumaki ang sugat.

3. Seborrheic dermatitis – Kadalasan lumalabas ito sa anit at mukha na parang makating balakubak o madulas-dulas na kaliskis

4. Atopic dermatitis – Ito ay dahilan ng pangangati, pagkapal at pagbitak ng balat na kadalasan ay makikita sa pagitan ng braso, bisig o sa likod ng tuhod. Ito ay nama-mana sa pamilya at kadalasan, may kasamang allergy.

Para maiwasan at malunasan ito:

1. Subukan alamin at iwasan ang mag-trigger – Ang mga posibleng sanhi ay pagbabago ng temperatura, pag-papawis at stress. Iwasan ding madikit ang balat sa mga wool na tela at mga matatapang na sabon na panligo at panlaba.

2. Maglagay ng anti-itch cream o calamine lotion sa apektadong balat – Nagbibigay ang doktor ng 1% hydrocor-tisone cream na pangtanggal ng kati. Maaaring uminom ng anti-allergy na tableta kung sobra ang pangangati.

3. Iwasang kamutin ang sugat – Takpan ang parte ng balat na makati kung hindi mapigilan ang pagkamot. Gupitin din ang kuko at magsuot ng gloves sa gabi bago matulog para hindi makalkal ang sugat.

4. Maglagay ng cold compress – Kung babalutin ang bahagi ng balat ng bandage, makatutulong ito para maprotektahan ang balat.

5. Maligo ng maligamgam na tubig. Pumili ng mild soap na walang amoy – Siguruhin na mabanlawang maigi ang buong katawan.

6. I-moisturize and balat – Gumamit ng oil o cream para manatili sa balat and moisture. Gawin ito pagkatapos maligo.

7. Magsuot ng damit na malambot at presko sa pakiramdam – Iwasang magsuot ng magaspang, masikip at makati. Magpatingin sa doktor kung masakit o may impeksyon sa balat.

* * *

Paggamot sa ingrown toenail (kuko sa hinlalaki)

Ang ingrown toenail ay ang pagtubo ng malambot na balat sa gilid ng hinlalaki sa paa. Ang resulta nito ay masakit, mapula, namamaga sa palibot ng kuko at kung minsan ay mayroong impeksyon.

Dahil ito sa maling pag-usbong ng kuko kung saan nagsugat ang balat ng paa. Puwedeng ang pinagmulan ay pagsusuot ng masikip na sapatos, paggupit ng kuko ng sobrang ikli o hindi pantay, at nasobrahan ng gupit ng kuko sa pedicure.

Kung hindi gagamutin ang ingrown, ang balat ng daliri at pati ang buto ay maaaring maimpeksyon.

Maaaring gamutin sa bahay ang ingrown toenail. Ganito ang mga gagawin:

1. Ibabad ang paa sa maligamgam na tubig na may halong asin. Sa bawat isang palangganang tubig maglagay ng 1 kutsaritang asin. Ibabad ang paa ng 15-20 minuto 3 beses kada araw. Ang pagbabad sa tubig ay nakababawas ng pamamaga at nakapagpapaginhawa sa sakit.

2. Maglagay ng cotton o tela sa ilalim ng daliri sa paa. Gumamit ng malinis na bulak o dental floss sa ilalim ng ingrown pagkatapos ibabad sa tubig na may asin. Makatutulong ito para ang kuko ay tumubo sa ibabaw ng gilid ng balat at hindi pumasok ulit sa balat. Palitan ang bulak o floss araw-araw hanggang sa mawala ang sakit at ang pamumula ay mawala.

3. Pahiran ng antibiotic. Maglagay ng antibiotic ointment sa sugat. Puwedeng balutan ng ban-dage.

4. Pumili ng malambot na sapatos o tsinelas. Magsuot muna pansamantala ng sapatos na bukas ang harapan o sandals hanggang sa gumaling ang daliri sa paa.

5. Bantayan ang mga paa. Kung mayroong diabe-tes, i-check ang mga paa araw-araw dahil ang in-grown at iba pang sugat sa paa, ay maaaring senyales ng diabetes.

6. Kung ang ingrown ay sobrang sakit o kumakalat ang sugat, ang doktor ay maaaring gumawa ng mga hakbang para guminhawa ang pakiramdam at maiwasan ang kumplikasyon.

CURB
Cavite United Rural Bank
A Subsidiary of AUB
MICROFINANCE LOAN
(NO-COLLATERAL)




# Mahahalagang reporma na tinuro ng pandemya

Dahil sa bilis at sigasig ng ilang mayor at gobernador, nadagdagan ang bakuna kontra COVID-19. Dis-yembre-2020 pa lang umorder na sila ng Pfizer, Moderna, Astra--Zeneca, at freezers na akma sa bawat isa. Hindi sila nag-patali sa iisang brand o bansa, na inasal ng Mala-cañang-nu'ng simula. Nagkakapag-asa tayong maka-alis sa pandemya-.

Isa sa mahahalagang leksiyon 'yon; dapat ilatag palagi ang papel ng mga lokal na pinuno. Dati nang pata-karan na manguna sila sa panahon ng sakuna, at huwag umasa sa Malacañang. Pero 'yon ay dahil lokal din ang mga sakuna: bagyo, baha, lindol, sabog-bulkan, land-slide, tsunami, sunog.

Pero dahil pambansa ang pandemya – pangmundo pa nga – kinailangan sa lebel ng gabinete ng Inter-Agency Task Force on Management of Emerging Infec-tious Diseases. Ganunpaman, ang mga desisyon ng IATF ay sa mga mayor at gobernador pa rin ipinagawa. Kaya dapat may mekanismo para obligadong konsultahin sila ng IATF.

Maiiwasan ang hidwaan, tulad ng lalawigan ng Cebu kontra lockdowns ng IATF. Maiiwasan din ang pagka-udlot sa pamamahagi ng ayuda sa Bayanihan Act dahil hindi idinaan ng Malacañang sa mga lokal.

Pinakamalala ang pagkalat ng impeksiyon sa mga ma-ralitang taga-lungsod. Hindi sila makasuot ng face mask at face shield dahil walang pera. Hindi makapag-safe distancing dahil maliliit at siksikan ang mga kubo. Hindi makapag-hugas-kamay nang malimit dahil walang tubig.

Leksiyon: Buwagin na ang slums. Ilipat ang mga ma-ra--lita sa mga ten-ements at wastong pabahay. Kum-pleto dapat ang pasilidad: tubig, kuryente, wifi, kalye, sasakyan, palengke, kapilya, plaza, at iba pa. Higit sa lahat, may hanap-buhay, para hindi matuksong bumalik sa dat-ing slums.

Giniba ng lockdowns ang halos isang milyong maliliit na negosyo. Kaya milyun-milyon din ang nawalan ng empleyo.

Leksiyon: Ganap na suportahan ang small at medium enterprises. Sila ang nagdadala ng ekonomiya, hindi ang mga higanteng kompanya.

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Sunod-sunod ang ga ideas na magagamit para sa iyong bagong assignment sa trabaho. Magagawa na ang matagal nang pangarap na makapag-out of town. Lucky number at color for the day ang 13, 29, 53, 47 at french blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Rest day mo, ito ang takdang panahon para maayos mo ang iyong cabinet. Mage-enjoy sa pagsya-shopping. Lucky number at color for the day ang 12, 27, 38, 46 at caramel brown.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Positive ang energies sa trabaho, maaayos din ang problemang dara-ting. Mag-relax at huwag maging impulsive. Lucky number at color for the day ang 25, 37, 53, 48 at emerald green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Ang team work ay tagumpay. Mabilis na makukumpleto ang project. Magiging masaya ang araw. Lucky number at color for the day ang 16, 29, 37, 43 at persimmon red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ang trip ay mapo-postpone. Ang bagong kabuhayan ay magiging masigla.Makakamit ang hangarin. Lucky number at color for the day ang 11, 24, 35, 19 at gold.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Malilito ka sa advice ng mga kaibigan. Mas mabuti na kumunsulta sa psychic. Gawin ang mabuti at tama. Lucky number at color for the day ang 27, 22, 33, 49 at lemon green.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang pinaka-gustong kabuhayan ay dara-ting. Magpa-Feng Shui para manatiling masagana ang buhay. Lucky number at color for the day ang 12, 29, 25, 54 at pink.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Ang money mat-ters ay sentro ng controversies. Ngayon suriin na tama ang lahat ng item sa work. Lucky number at color for the day ang 22, 31, 47, 51 at citrine yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Huwag pairalin ang bad mood para magkaroon ng chance na ma-enjoy ang buong araw. Lucky number at color for the day ang 12, 29, 35, 51 at tea rose red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Mahalaga ang pag-im-prove ng physical fitness. Sa isang marathon makikilala ang soul mate. Lucky number at color for the day ang 17, 28, 31, 45 at mango orange.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Enjoy ka sa iyong mga recreational activities. Magiging romantic ang araw dahil mage-effort ang mahal mo. Lucky number at color for the day ang 19, 27, 33, 46 at cerulean blue.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Unawain ang iyong mother in law. Dadaloy ang kasaganahan kapag pinili ang mabuti. Pagbigyan ang sarili na magpahinga. Lucky number at color for the day ang 18, 28, 34, 42 at lavender.

# Ayala Group aids health front-liners, residents affected by Taal

The Ayala Group has provided assistance to at least three hospitals in Metro Manila, as well as to communities affected by the Taal Volcano's restiveness.

Connectivity support, entertainment package, and cash assistance were given to the Philippine General Hospital (PGH), National Children's Hospital (NCH), and Tondo Medical Center, as the group continues to support to help improve the lives of Filipinos, JP Orbeta, Ayala Corporation's chief human resource officer, announced Monday.

Each hospital was provided with 50 pocket wi-fi, smart TV that they could use in the cancer patients' wards, and PHP500,000 from the Ayala Foundation.

"It was hard to connect to the internet in the emergency room. So our medical front-liners were very happy with the wi-fi provision. They will no longer have a hard time referring patients to doctors," said Tondo Medical Center's medical chief II, Dr. Maria Isabelita Estrella.

Dr. Moriel Creencia, NCH officer in charge, said the assistance is a big help for their front-liners because certain areas of the ward do not have a wi-fi signal. The smart TV sets were placed in the outpatient department and other areas, while the PHP500,000 will be used to purchase personal protective equipment (PPE) for patients and front-liners, she said.




*ASSISTANCE. PGH Director Dr. Gap Legaspi thanks the Ayala Group for validating the hospital's efforts. PGH, National Children's Hospital, and Tondo Medical Center each received PHP500,000, pocket wi-fi kits, and smart television sets from the group. (Photo taken during the virtual presser on Monday, July 12, 2021)*

Ernest Cu, Globe's chief executive officer, said some PHP22 million was allocated for the PGH to buy essential supplies for coronavirus disease 2019 (Covid-19) like PPEs.

As for the other assistance, Cu said internet connectivity is important to the healthcare workers. "Doctors use this for consultation, and the other workers use this to connect with their families, he said.

PGH, for its part, thanked the group for validating its efforts. According to PGH Medical Foundation president Telesforo Gana, Jr., the Ayala Group has been their partner even before the Covid-19 pandemic as it helps save indigent patients.

Both Manila Mayor Isko Moreno and Quezon City Vice Mayor Gian Sotto thanked the Ayala Group for providing aid to their medical front-liners.

In the same virtual presser, Ayala Healthcare Holdings (AC Health) president Paolo Borromeo said they are working hand in hand with the Quezon City government for Covid-19 vaccination efforts.

About 700 front-liners were deployed and were able to inoculate about 125,000 individuals, according to Borromeo. "Our goal is (administer) one million doses to help the national government (in its fight against Covid-19)," he said.

Meanwhile, mobile wallet GCash earlier launched the "Tulong Taal", which would enable the app's users to donate to communities affected by the Taal Volcano eruption.

As the Taal Volcano has been under Alert Level 3 (magmatic unrest) since July 1, Globe provided free calls, charging and wi-fi services in Batangas evacuation sites.

The company has also turned over to the provincial government over 1,000 essential supplies such as blankets, pillows, towels, among others. It is also sending meal packs.

Further, it has continuously zero-rated the Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) website when being accessed by the public using Globe data. (PNA)




(SEE PAGE 3)

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 20 JULY 12 - 18, 2021 10.00

# Mas mabilis at ligtas na transportasyon mula Maynila patungong Laguna, prayoridad ng DOTr


(DOTr) Secretary Arthur Tugade

**Inaasahang maisakatuparan na ang pagkakaroon ng mas mabilis at ligtas na transportasyon mula Maynila patungong Laguna sa pamamagitan ng Philippine National Railways (PNR) Calamba Project.**

**Pinangunahan ni Department of Transportation (DOTr) Secretary Arthur Tugade kasama sina Assistant Secretary Goddes Hope Libiran, Undersecretary Timothy John Batan at iba pang mga kawani ng ahensya ang isinagawang inspeksiyon sa PNR Alabang Station at Calamba Station bilang bahagi ng pagsasaayos sa imprastraktura.**

Kasabay nito ay inispeksiyon rin ang agricultural land area sa Barangay Banlic na pagtatayuan ng PNR Calamba Depot.

"Ito ang tinatawag na depot kung saan magiging malaking bahagi yan dito sa ginagawang parte ng Railways system sa Calamba, napakahalaga po niyan sapagkat kung ikaw ay babaybay at babyahe ngayon from Calamba papuntang Clark, usually you spent 4 hours but with this system, ang magiging byahe mo dyan 1 hour and 30 minutes, malaking bagay yan," pahayag ni Sec. Tugade.

Aniya, malaki ang maitutulong ng naturang imprastraktura para sa economic growth ng Laguna dahil bukod sa pagkilalang 'Resort Capital of the Philippines' ay naniniwala ang DOTr na marami pang potensyal para sa industrial at socio-tourism opportunities sa lalawigan.

Dumalo rin at nakiisa si Calamba City Mayor Justin Marc Chipeco upang saksihan at pakinggan ang ilan sa mga konkretong plano ng ahensya para sa pagsasaayos ng imprastraktura at ipapatayong PNR Calamba Depot na target makapagbigay ng mas mabilis at ligtas na transportasyon hindi lamang sa lungsod pati na rin sa mga kalapit bayan nito.

"In three to four months, hangarin ko po na by the first quarter next year magkakaroon tayo ng mobilization, kapag nagawa po lahat yan, may award, may mobilization, may pondo, sabi nga ni Mayor Chipeco kanina, the project is very realizable," dagdag ni Sec. Tugade.


Seguridad at tulong para sa mga apektado ng proyekto

Binigyang-diin ni DOTr Undersecretary Timothy John Batan na handa ang ahensya upang bigyan ng kabuhayan ang mga mamamayan na kasalukuyang naninirahan sa mga agricultural land area at iba pang lugar na magiging bahagi ng pagsasaayos ng imprastraktura.

Aniya, may konkretong plano ang DOTr sa pangunguna ng Asian Development Bank at Japan International Corporation Agency (JICA) bukod pa sa kabuhayan ay mayroon ring relocation area na ihahanda para sa mga maaapektuhang residente.

"Dahil po ang funder natin dito ay Asian Development Bank at JICA, mayroon pong mga alituntunin na kailangan natin sundin at isa po dyan ay yung mga benepisyo po ng ating mga project affected person, isa po dyan yung tinatawag natin na livelihood, restoration and improvement program kung saan po sa tatlo hanggang limang taon matapos po silang mailipat ay sisiguruhin natin na sustainable ang kanilang livelihood," pahayag ni Batan.

Maliban sa mga magsasaka, ang mga maapektuhang lupa na kakailanganin sa proyekto ay makakatanggap ng fair market value at maging ang mga informal settlers ay makakatanggap rin ng resettlement housing, makakasama sa livelihood, restoration and improvement program at makakatanggap din ng interim rental subsidy habang isinasaayos ang kanilang lilipatan.




# Bagong playground, malapit ng magbukas sa Dasmarinas



Inaantabayanan na ang opisyal na pagbubukas ng bagong playground sa San Manuel Park sa Dasmariñas, Cavite, Hulyo 16.

Sa post ni Cong. Pidi Barzaga, ibinahagi niya ang bagong tayong palaruan para sa mga bata na nagnanais pumasyal sa naturang lugar.

Bagamat pinapayagan na ang paglabas ng mga bata sa naturang bayan sa ilalim ng GCQ quarantine protocol, mahigpit pa ring ipapatupad ang health and safety rules sa nasabing pasilidad.

Layon ng naturang palaruan na mapaligaya ng mga ito ang mga bata sa nasabing bayan.

"Alam natin na napaka-importante para sa mga bata ang makapaglaro at makakita ng mga ibang bata lalo na puro online distance learning at module ang pag-aaral ngayon. Katulad ng isinulat ko sa aking post nung nakaraan, ang paglalaro ng mga bata ay isang pangangailangan. Pangangailangan ito upang mahubog ang kanilang katalinuhan at kalusugan. Masayang alaala ng kabataan ang tanging hangad ng lungsod para sa ating mga susunod na henerasyon na Dasmariñeno," wika ni Cong. Pidi Barzaga sa kaniyang post.

